*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*June 4, 2017 – Sun. PM – Missionary Bill Hardecker*

**Pamagat**: Mga Maliliwanag na Bituin sa Hatinggabi ng Buhay

**Texto**: Ps 119:81 CAPH. My soul fainteth for thy salvation: but I hope in thy word.
*Pagsasalin*: CAPH. Ang aking kaluluwa ay nanlulupaypay para sa iyong pagliligtas: nguni't ako'y umaasa sa iyong salita. (Awit 119:81)

**Panimula**:

1. Ito ay ang pang-onseng bahagi ng Awit 119. "CAPH."
2. Dinala ng mga kalaban ni David sa kasukdulan ng hirap. Ito ay maaring sabihin na pinakamababang kalagayan ng kahirapan at kapighatian o kalungkutan.
3. Ito ay ang hating gabi ng Awit 119. Napaka dilim, at napaka itim itong seksyon.
4. Pag ganito kadilim ang langit, tiyak na makikita rin natin ang mga maliliwanag na bituin, at ang huling versicolo ay tumuturo sa madaling araw.
5. Bigbigyan tayo ng ginhawa ng Panginoon sa gitna ng lahat ng ating mga kalaban at kahirapan.

**I. Una, Bigyan natin Pansin ang Kanyang Kalagayan**.

A. (v.81) – Ang aking kaluluwa ay nanlulupaypay. (pagkabigo)
B. (v.82a) – Nagdidilim na ang aking mga mata. (mula sa paghihintay)
C. (v.82b) – Kailan mo ako aaliwin? (pagkaantala sa pagkuha ng tulong o ikabubuti)
D. (v.83a) – Para siyang isang bote na nasa usok. Ito ay isang haka-hakang pananalita, medyo Malabo pero ang ibig sabihin ay nangungulubot na siya sa buhay.
E. (v.84a) – Gaano karami ang mga araw ng iyong lingkod? (Job 7:6; Ps. 39:5)

**II. Pangalawa, Bigyan natin Pansin ang mga Kumukutya sa Kanya**.

A. (v.84b) – Sila na umuusig sa kanya. (Kailan mo parurusahan sila?). (pagsusukab, karahasan)
B. (v.85a) – Ang mapagmataas ay gumagawa ng hukay na patibong. (para hulihin siya).
C. (v.86b) – Inuusig nila ako ng kasinungalingan at walang dahilan. (Maling mali sila).
D. (v.87) – Nabingit na sa kamatayan (halos winakasan).

**III. Pangatlo, Bigyan natin Pansin ang Tulong na galing sa Salita ng Diyos**.

A. (v.81b) – Ako'y umaasa sa inyong Salita.
B. (v. 83b) – Hindi ko nalilimutan ang inyong mga atas.
C. (v.86) – Lahat ng iyong mga utos ay tapat.
D. (v.87) – Hindi ko pinabayaan ang mga tuntunin mo.
E. (v.88) – Buhayin mo ako ayon sa iyong kagandahang-loob, at aking iingatan ang mga patotoo ng iyong bibig. (Ang pasasalamat ay makikita sa pagigingmasunurin).

**IV. Pang-apat, Bigyan natin Pansin ang Panalangin Niya**. (v.86b) – hindi siya nakatagpo ng tulong sa mundo, kaya't inangat niya ang kanyang mga mata sa langit.

A. Help – Tulong – maiksi ang panalangin pero malakas ang damdamin at kapangyarihan nito.
B. Thou – Ninyo – Ikaw na dakilang Diyos, at Panginoon. (Ps. 138:3; kaagad Isa. 65:24; antala Lk. 18:7; paminsan ang sagot ng Diyos ay iba 2 Cor. 12:8-9; lampas sa inaasahan Jer. 33:3, Eph. 3:20);
C. Me – Ako – na umaasa sa iyo. Ako na inyong anak. Na inyong alagad.

**Katapusan**:

1. Sa hating gabi ng buhay ay makikita natin ang mga maliliwanag na bituin ng Panginoon, at ito ay ang kanyang mga salita.
2. Maari tayong lumapit sa Panginoon at meron tayong lakas ng loob, o pananalig, o pagtitiwala na ang Panginoon ay siya na magbibigay sa atin ng tulong.
3. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, yun mga kahirapan na nararanasan natin, na dapat maging dahilan kung bakit mawalan tayo ng pag-asa ay siya mismo ay naging dahilan na lalo pa tayong lumapit sa Panginoon.
4. (v.87-88) Ito ay naging madaling araw ng kaluluwa!